

Kabisaan ng Online Learning Modality sa Pagtuturo ng Filipino Tungo sa Makalidad na Pagkatuto: Antas Tersyarya

Dr. Leopoldo R. Transona Jr. ¹

1 – Central Bicol State University of Agriculture

leopoldojr.transona@cbsua.edu.ph

Publication Date: May 15, 2026

DOI: 10.5281/zenodo.20199626

Abstract

Nilayon ng pag-aaral na ito na mabatid at masuri ang mga naging bunga ng *Online Distance Learning Modality (ODLM)* sa pagtuturo at pag-aaral ng mga nagmamedyor ng Filipino sa *Central Bicol State University of Agriculture*, Pili, Camarines Sur. Sa pamamagitan ng deskriptibong pamamaraan at paggamit ng magkahalong kwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri, binigyang-tuon ng pananaliksik ang profayl ng mga respondente, ang antas ng kanilang katanggapan sa iba't ibang online platforms, at ang pangkalahatang kabisaan nito sa kanilang akademikong pagganap. Lumitaw sa resulta na ang mga respondente ay binubuo ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino, kung saan ang mas malaking bilang ay nagmula sa ikalawang antas na kumukuha ng asignaturang Barayti at Baryasyon ng Wika, kasunod ang mga nasa ikatlong antas na nag-aaral ng Kulturang Pilipino. Natuklasan sa pag-aaral na positibo ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa ODLM, at naging malinaw ang kanilang higit na pagkiling sa *synchronous learning* dahil sa pagkakataong direktang makipag-ugnayan sa guro at makakuha ng mabilis na feedback sa kanilang performance. Sa kabilang dako, ang *asynchronous* at *blended learning* ay nakaranas ng hamon dahil sa mga usapin sa disiplina sa sarili, paiba-ibang set-up, at karagdagang gastusin sa transportasyon. Napatunayan ang pangkalahatang *Mean Percentage Grade (MPG)* na mabisa ang paggamit ng online modality sa pagtuturo ng Filipino, na nagpapakita na ang makalidad na pagkatuto ay posible pa ring makamit sa kabila ng mga limitasyong dulot ng pandemya. Batay sa mga natuklasang ito, iminumungkahi ang patuloy na pagpapaunlad sa mga estratehiya ng pagtuturo at ang pagsasagawa ng mga interbensyon o proyektong panlunas na nakatuon sa mga *Least Learned Competencies* upang higit pang maiangat ang antas ng akademikong kasanayan ng mga mag-aaral sa ilalim ng bagong normal na sistema ng edukasyon.

Keywords: *Online Distance Learning Modality, Pagtuturo, Filipino, Makalidad na Pagkatuto.*

INTRODUKSIYON

Hindi maikakailang binago ng pagpasok ng taong 2020 ang mukha ng edukasyon sa Pilipinas. Sa gitna ng banta ng COVID-19, ang nakasanayang pisikal na ugnayan sa loob ng silid-aralan ay biglang napalitan ng mga digital na platform bilang pagtugon sa deklarasyon ng World Health Organization tungkol sa pandaigdigang pandemya. Ang transpormasyong ito, bagaman biglaan, ay nagsilbing mitsa upang higit na mapabilis ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto, na nagbukas ng pinto para sa mga mag-aaral na makakuha ng impormasyon at makipag-ugnayan sa kanilang mga guro kahit nasa loob lamang ng tahanan.

Bilang tugon sa krisis na ito, naglabas ang Kagawaran ng Edukasyon ng DepEd Memorandum No. 67 s. 2020 na naglatag ng balangkas para sa *distance learning modalities*. Gayundin, ang Commission on Higher Education (CHED) ay hindi nagpahuli sa pagpapatupad ng tinatawag na *New Normal Education* upang matiyak na hindi mapuputol ang akademikong pag-unlad ng mga nasa antas tersarya. Ayon sa pananaw ni Dr. Leonora M. Briones, ang pagyakap sa *blended at distance learning* ay naging mahalagang tulay upang maiparating ang mga asignatura sa bawat mag-aaral nang hindi isinasakripisyo ang kanilang kaligtasan at kalusugan.

Gayunpaman, ang pagbabagong ito ay hindi naging madali. Ang paglipat sa **Online Distance Learning Modality (ODLM)** ay nagdala ng iba't ibang hamon at katanungan tungkol sa kabisaan nito, partikular na sa mga asignaturang nangangailangan ng malalim na talakayan gaya ng Filipino. Ang pananaliksik na ito ay sumibol mula sa pangangailangang suriin kung gaano ba talaga naging katanggap-tanggap at epektibo ang mga pamamaraang *synchronous, asynchronous, at blended* para sa mga mag-aaral na nagmamedyor sa Filipino sa Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA).

Nilayon ng pag-aaral na ito na hindi lamang itala ang mga naging karanasan sa digital na paligid, kundi ang mabatid kung nakamit ba ang mga inaasahang kompetensi sa ilalim ng bagong sistema. Sa pamamagitan ng paghimay sa mga datos ng katanggapan at kabisaan, inaasahang makabuo ng mga konkretong interbensyon na tutugon sa mga *learning gaps* at masisiguro ang pagpapatuloy ng isang makalidad at makabuluhang edukasyon sa kabila ng anumang krisis sa hinaharap.

METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, pinili ang disenyo ng deskriptibong-palarawan o *descriptive research* upang masusing mailarawan ang kasalukuyang epekto at kalagayan ng paggamit ng *online learning modality* sa pagtuturo ng Filipino. Upang makabuo ng isang masinsinan at malawak na interpretasyon, gumamit ang mananaliksik ng kombinasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan o *mixed methods*. Sa pamamagitan ng kwantitatibong aspeto, sinukat ang antas ng katanggapan at kabisaan ng nasabing modalidad gamit ang mga numerikal na datos mula sa *survey*, samantalang ang kwalitatibong bahagi naman ay naglayong mas mapalalim ang pagsusuri sa pamamagitan ng mga panayam at *focus group discussions* na nagbigay-tinig sa mga personal na karanasan ng mga guro at mag-aaral. Ang pananaliksik ay isinagawa sa tulong ng 160 na respondente na pawang mga mag-aaral na nagmamedyor sa Filipino sa CBSUA, Pili, Camarines Sur. Ang kabuoang bilang na ito ay hinati sa dalawang

pangkat: ang mga mag-aaral sa ikalawang taon na binubuo ng 122 kalahok o 76.25% na kumukuha ng asignaturang Fil. 107 (Barayti at Baryasyon ng Wika), at ang mga nasa ikatlong antas na binubuo ng 38 na respondente o 23.75% na kasalukuyang nag-aaral ng Lit. 107 (Kulturang Pilipino). Ang pagpili sa mga kalahok na ito ay tiniyak upang makakuha ng datos na sumasalamin sa karanasan ng mga mag-aaral na direktang dumaan sa hamon ng edukasyon sa ilalim ng pandemya.

Ginamit ng mananaliksik ang isang binuong *survey questionnaire* upang makalap ang sapat na impormasyon. na dumaan sa proseso ng balidasyon bago ang aktwal na implementasyon. Ang instrumentong ito ay dinisenyo upang makuha ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang *online platforms* na ginamit sa kanilang pag-aaral. Kasabay nito, ang mga gabay na katanungan sa pakikipanayam ay nagsilbing instrumento upang maitala ang mga hamon at saloobin ng mga kalahok na hindi kayang abutin ng simpleng numerikal na datos.

Ang lahat ng nakalap na impormasyon ay dumaan sa masusing pagsusuri gamit ang mga istadistikal na kagamitan gaya ng *mean*, *median*, at *mode* upang matukoy ang pangkalahatang antas ng kabisaan at kasiyahan ng mga respondente. Ginamit din ang *percentage at frequency distribution* upang mailarawan ang pagbabahagi ng mga sagot, habang ang *standard deviation* naman ang sumukat sa pagkakaugnay ng mga tugon mula sa *mean*. Para sa mga kwalitatibong pahayag, ang tematikong pagsusuri o *thematic analysis* ang naging susi upang matukoy ang mga pangunahing pattern at kaisipang lumitaw mula sa mga naratibo ng mga mag-aaral at guro tungkol sa kanilang karanasan sa *online learning*.

RESULTA

Inilalahad sa bahaging ito ang mga impormasyong nakalap mula sa 160 respondente na nagmula sa apat na seksyon ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino sa CBSUA.

Talahanayan 1 . Profayl ng mga Mag-aaral

Asignatura/Seksyon Antas	Bilang ng Mag-aaral	Taong Panuruan
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng Wika)	35	2019-2020
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng wika)	46	2020-2021
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng wika)	41	2021-2022
Lit. 107-BSEED3C (Kulturang Pilipino)	38	2021-2022

Talahanayan 2A Pangkalahatang Katanggapan sa Online Distance Learning Modality (ODLM)

SEKSYON/ANTAS	TNT* (5)	T* (4)	DGT* (3)	DT* (2)	ANA* (1)
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng Wika)	2	29	4	2	0
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng wika)	3	22	19	2	0
Fil.107-BSEED 2C (Barayti at Baryasyon ng wika)	2	25	12		0
Lit. 107-BSEED3C (Kulturang Pilipino)	3	30	4	1	0
KABUOAN	10 6.25%	106 66.25%	39 24.38%	5 3.13%	0 0%

LEYENDA

5-Tanggap na Tanggap (TNT)

4-Tanggap (T)

3-Di-Gaanong Tanggap (DGT)

2- Di-Tanggap (DT)

1- Ayaw na Ayaw (ANA)

Talahanayan 2B Katanggapan sa Iba't-ibang Platform ng (ODLM)

PLATFORM NG ONLINE	KLASE/SEKSYON SA FILIPINO				
	Fil.107-BSEED 2C (35)	Fil.107-BSEED 2C (46)	Fil.107-BSEED 2C (41)	Lit.107 BSEED 3C (38)	TOTAL (160)
SYNCHRONOUS	25	30	33	25	113/ 70.63%
ASYNCHRONOUS	6	9	5	4	24/15%
BLENDED	4	7	3	9	23/ 14.38%
	(35)	(46)	(41)	(38)	160

LEYENDA:

na Tanggap (TNT) = 90- 100%
=60- 89%

Tanggap (DGT) =40- 59%
(DT) =21- 39%

Ayaw na Ayaw (ANA) = 0 - 20%

Tanggap
Tanggap (T)
Di-Gaanong
Di-Tanggap

Talahanayan 3A Kabisaan ng Online Modality Ayon sa Karanasan ng Mag-aaral

Klase/Blg.	MPG	Interpretasyon
Fil.107-BSEED 2C 35	1.90	May Kabisaan
Fil.107-BSEED 2C 46	1.60	Mabisa
Fil.107-BSEED 2C 41	1.45	Mabisa
Lit. 107-BSEED3C 38	1.28	Mabisa
Kabuoan 160		

Leyenda:

- 1.00-99-100 -Excellent o Napakabisa
- 1.25- 96-98 } -Very good o Mabisa
- 1.50- 93-95 }
- 1.75- 90-92 -Good o May kabisaan
- 2.00- 87-89 } -Satisfactory- May dapat Paunlarin
- 2.25- 84-86 }
- 2.50- 81-83 }
- 2.75- 78-80 }
- 3.00- 75-77 - Pass- Pasado
- 4.00- INC - May kulang
- 5.00- Failed -Di-Pasado

PORMAT AT DISENYO NG MODALITY

Inilalahad ng resulta ng pag-aaral na ang disenyo ng ginamit na *Online Distance Learning Modality* (ODLM) ay may malinaw at sistematikong estruktura na tumutugon sa layuning mapaunlad ang kabisaan ng pagtuturo ng Filipino sa CBSUA. Naglalaman ito ng mga bahagi na sadyang binuo upang maging interaktibo at epektibo para sa mga mag-aaral:

Kasanayang Pampagkatuto. Ito ang mga pundasyon ng aralin na iniangkla sa mga pangunahing kompetensing dapat malinang sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ang mga kasanayang ito ay nagsisilbing gabay upang matiyak na ang nilalaman ng pagtuturo ay naaayon sa pamantayan ng kurikulum.

Layunin ng Pagkatuto. Ito ay isang planong inilalapat sa pagbuo ng mga gawain at aktibidad na nakatuon sa pagtamo ng mga tiyak na bunga ng pag-aaral. Ang disenyo ay



naglalaman ng mga target na kompetensya na nakatutulong sa mga mag-aaral na maipakita at mapalakas ang kanilang kasanayan sa digital na paligid.

Gawain sa Pagkatuto. Mga instruksyon o interaktibong aktibidad na naglalayong hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng pagsusuri at pagsasanay. Sa platform ng ODLM, binibigyang-diin ang *synchronous* na pamamaraan upang magkaroon ng aktibong talakayan at mabilis na *feedback* sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Pagtataya sa Pagkatuto. Isang sistematikong paraan ng pagsusuri na ginagamit upang masukat ang progreso at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay inilalarawan ng natamong *Mean Percentage Grade* (MPG) upang malaman kung nakamit ang mabisang antas ng pagkatuto o kung kinakailangan pa ng karagdagang interbensyon.

PAGTATALAKAY

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ng isang malinaw na paglalarawan sa naging karanasan ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa ilalim ng bagong normal na sistema ng edukasyon. Batay sa datos ng profayl, makikita na ang mayorya ng mga kalahok ay nagmula sa ikalawang taon na bumubuo sa 76.25% ng kabuoang bilang ng mga respondente. Ang distribusyong ito ay nagpapakita na ang pananaliksik ay nakatuon sa isang kritikal na yugto ng kanilang pag-aaral kung saan ang pag-aakma sa mga digital na platform ay naging isang pangunahing pangangailangan.

Sa pagsusuri ng antas ng katanggapan, lumilitaw na positibo ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa Online Distance Learning Modality (ODLM) sa kabuuan. Ang pagkakaroon ng 66.25% na mga respondente na nagsabing "Tanggap" nila ang modalidad na ito ay isang indikasyon na nagtagumpay ang unibersidad sa pagpapakilala ng alternatibong paraan ng pagkatuto sa gitna ng krisis. Gayunpaman, mapapansin ang malinaw na preperensya ng mga mag-aaral pagdating sa partikular na platform ng pagtuturo. Ang napakataas na pagpabor sa *synchronous learning* (70.63%) kumpara sa *asynchronous* at *blended* ay nagpapatunay na higit na pinahalalagan ng mga mag-aaral ang aktibong pakikipag-ugnayan sa kanilang mga guro at kamag-aral sa real-time. Ang mabilis na *feedback* at interaktibong talakayan sa *synchronous* na set-up ang nagbibigay sa kanila ng higit na motibasyon upang makinig at matuto.

Ang aspektong ito ng katanggapan ay may direktang ugnayan sa kabisaan ng pag-aaral. Bagaman halos hati ang pananaw ng mga mag-aaral sa kung gaano kabisa ang ODLM batay sa kanilang personal na karanasan—kung saan 47.5% ang nagsasabing mabisa ito at 44.38% ang nagsasabing di-gaanong mabisa—ang mga obhektibong datos mula sa kanilang mga marka ay nagpapakita ng positibong resulta. Ang nakuhang pangkalahatang Mean Percentage Grade (MPG) na 1.60 ay itinuturing na "Mabisa" at nagpapatunay na ang pagkatuto ay nagpapatuloy sa mataas na antas sa kabila ng pagbabago ng kapaligiran. Kapansin-pansin ang klase ng Lit. 107 na nakakuha ng pinakamataas na MPG na 1.28, na nagpapahiwatig na mas lumalalim ang kabisaan ng online learning habang tumataas ang antas ng asignatura at habang mas nagiging pamilyar ang mga mag-aaral sa sistema.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang ODLM ay isang katanggap-tanggap at mabisang alternatibo sa tradisyunal na pagtuturo ng Filipino sa antas tersarya. Gayunpaman, ang hamon ay nananatili sa kung paano pa higit na mapapataas ang antas ng kabisaan nito, lalo na para sa mga mag-aaral na nahihirapan pa ring mag-adjust sa digital na set-up. Ang malakas na pagpabor sa *synchronous* na paraan ay nagbibigay ng

pahiwatig sa mga guro na dapat pagtuunan ng pansin ang masiglang interaksyon sa loob ng digital na silid-aralan. Ang rekomendasyong pagsasagawa ng mga balidasyong pagsusulit para sa mga *least learned competencies* ay isang mahalagang hakbang upang mapunuan ang anumang gaps sa pagkatuto at matiyak na ang kalidad ng edukasyon ay hindi mapag-iiwanan ng panahon.

KONKLUSYON

Batay sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa pananaliksik na ito, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Una, ang profayl ng mga respondente ay nagpapakita na may mas malaking bilang ng mga mag-aaral sa ikalawang antas ng tersarya (76.25%) kumpara sa ikatlong antas (23.75%). Mahihinuha rito na habang tumataas ang antas ng pag-aaral, unti-unting nababawasan ang bilang ng mga mag-aaral na nagpapatuloy sa pagpapakadalubhasa sa Filipino, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas malakas na suportang akademiko gaya ng *coaching* o *peer tutoring* upang mapanatili ang kanilang bilang.

Pangalawa, positibo ang pangkalahatang katanggapan ng mga mag-aaral sa Online Distance Learning Modality (ODLM), kung saan 66.25% ang nagpahayag ng pagsang-ayon sa nasabing sistema. Gayunpaman, naging malinaw ang preperensya ng mga mag-aaral sa *synchronous* na paraan ng pagkaklase (70.63%) dahil sa masiglang interaksyon at mabilis na *feedback* na nakukuha nila mula sa guro, habang mababa ang naging pagtangkilik sa *asynchronous* at *blended learning*.

Pangatlo, napatunayan na ang ODLM ay isang mabisang modalidad sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersarya. Ito ay pinagtibay ng pangkalahatang Mean Percentage Grade (MPG) na 1.60, na naglalarawan ng mataas na antas ng pagkatuto sa kabila ng mga hamon ng pandemya. Ang kabisaang ito ay higit na nakita sa mga asignaturang may mas malalim na konteksto gaya ng Kulturang Pilipino (Lit. 107) na nakapagtala ng pinakamataas na marka. Sa kabuuan, bagaman naging matagumpay at mabisang alternatibo ang ODLM sa tradisyunal na pagtuturo, nananatili ang hamon para sa mga guro at administrador na paigtingin pa ang mga pamaraan at estratehiya sa paggamit nito. Ang pagbibigay-tuon sa mga *Least Learned Competencies* sa pamamagitan ng mga proyektong panlunas ay mahalaga upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makatamo ng makalidad na pagkatuto na inaasahan sa ilalim ng bagong normal na sistema ng edukasyon.

REKOMENDASYON

Upang lalong mapagtibay ang kabisaan ng pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng bagong normal, iminumungkahi ang paglulunsad ng mga programang gaya ng *coaching* at *peer tutoring* upang matulungan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan ang kanilang kurso at mapanatili ang kanilang populasyon sa bawat antas. Mahalaga ring pagtuunan ng pansin ng mga guro ang pagpapaunlad ng mga kagamitang pampagtuturo na nakatuon sa mga *Least Learned Competencies* sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga balidasyong pagsusulit at interaktibong gawain sa *synchronous* na platform. Pinapayuhan din ang administrasyon na patuloy na magplano ng mga hakbang na tutugon sa mga *learning gaps* at alamin ang mga salik kung bakit may ilang mag-aaral pa rin ang hindi lubos na nasisiyahan sa online na *modality*. Para sa mga



susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang mas malalim na pagsusuri sa mga aspeto ng ODLM na dapat pang paunlarin upang maabot ang pinakamataas na antas ng katanggapan at kabisaan nito tungo sa mas inklusibo at makalidad na edukasyon sa Filipino.

SANGGUNIAN

- Adoptante, et al. (2019). *Paraaan ng pagtuturo ng mga guro: Epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng Philippine Christian University (PCU)*.
- Al-Bahrani, A. (2019). The digital divide and the impact of e-learning on students with disabilities. *International Journal of Emerging Technologies in Learning*, 14(3), 48-60.
- Amadora, M. (2020, September 18). *Common problems that occur during online classes*. Manila Bulletin. <https://mb.com.ph/2020/09/18/common-problems-that-occur-duringonline-classes>
- Appana, S. (2008). A review of benefits and limitations of online learning in the context of the student, the instructor and the tenured faculty. *International Journal on E-Learning*, 7(1), 5-22.
- Calimon, D., & Masangkay, M. (2020). *Philippines: Enhanced community quarantine*. Global Compliance News. <https://globalcompliancenews.com/enhancedcommunity-quarantine-phcovid19-25032020/>
- Chen, Y., & Liang, T. (2015). The effects of time management on academic performance of college students. *Journal of Educational Psychology*, 107(3), 748-756.
- Commission on Higher Education. (2020). *New normal education on HEIs*. <https://ched.gov.ph/covid-19-updates/>
- De Ungria, C. F. (2023). Magulang bilang guro: Parents' experiences as co-teaching parents during modular distance learning. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 4(3), 853-857.
- De Villa, J. A., & Manalo, F. K. B. (2020). Secondary teachers' preparation, challenges, and coping mechanism in the pre-implementation of distance learning in the new normal. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, 2(3), 144-154.
- Dizon, E., & Sanchez, R. (2020). Improving select grade 7 Filipino students' reading performance using the eclectic model. *Journal of World Englishes and Educational Practices*, 2(2), 216-221.
- Huang, Y., Wang, Y., & Tsai, C. (2019). The effects of modular learning on student satisfaction and learning outcomes in an online course. *Journal of Educational Technology Development and Exchange*, 12(1), 1-15.
- Jacob, B. (2016). *The opportunities and challenges of digital learning*. Brookings Institution. <https://www.brookings.edu/research/the-opportunities-and-challenges-ofdigital-learning>
- Peña, J. M. I. D. (2023). Pagbuo at balidasyon ng kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa kolehiyo. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 9(2), 65-80.
- Sanchez, A. M. P. (2022). HR practitioners' perceptions on boosting employees' loyalty and commitment: Inputs for a 21st century-responsive human resource system. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary and New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)*, 1(4), 89-102.



- Sanchez, R., & Sarmiento, P. J. (2020). Learning together hand-in-hand: An assessment of students' immersion program in a schools division. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(1), 85-97.
- Sanchez, R., Sarmiento, P. J., Pangilinan, A., Guinto, N., Sanchez, A. M., & Sanchez, J. J. (2022). In the name of authentic public service: A descriptive phenomenological study on the lives of Filipino teachers in select coastal villages. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary and New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)*, 1(1), 35-44.
- Stoian, C. E., Fărcașiu, M. A., Dragomir, G. M., & Gherheș, V. (2022). Transition from online to face-to-face education after COVID-19: The benefits of online education from students' perspective. *Sustainability*, 14, 12812. <https://doi.org/10.3390/su141912812>
- Tolete, H. E., & Zamora, N. C. L. (n.d.). *Pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa junior high school: Batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto.*
- Veletsianos, G., & Shepherdson, P. (2020). The work of online teachers during the COVID-19 pandemic. *Journal of Online Learning Research*.